

Ang mga Tauhan sa paaralan ng inyong Anak

2. Learning Assistance Centre (LAC) o Resource Teachers (RT)

- Ito ang mga guro na sanay sa pagbibigay ng suporta sa lahat ng mag-aaral na nahihirapang matuto.
- Tumutulong din sila sa mga mag-aaral na may "special needs" kung saan kinakailangan ang espesyal na programa sa pag-aaral.
- Ilan sa kanila ay tumutulong sa mga mag-aaral na ESL/ELL at nagbibigay ng patuloy na suporta sa pagpapaunlad ng wika.

Non-Teaching School-Based Support Staff:

Ito ang mga tauhan na espesyal na sinanay para magbigay ng espesyal na suporta sa mga mag-aaral.

1. Special Education Assistants (SEAs)

- Ang SEAs ay sanay na tumulong sa mga mag-aaral na kailangan ng espesyal na atensiyon at suporta.
- Sila ay katuwang ng mga guro sa pagbibigay ng suporta.
- Madalas na tumutulong sila sa mga mag-aaral na may mga seryosong problema.

2. Youth and Family Workers (YFWs)

- Ang YFWs ay sanay sa pag-suporta ng mga pangangailangang sosyal at emosyonal ng mga mag-aaral.
- Kadalasan tumutulong sila sa mga mag-aaral at pamilya sa labas ng silid-aralan.
- Tumutulong din sila sa mga mag-aaral at pamilya at gumagawa ng koneksiyon sa paaralan, komunidad ng paaralan, at mga ahensiya sa labas.



"Who are the People in Your Child's School?" Elementary

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Sino ang mga Tauhan sa Paaralan ng inyong Anak?

Ano ang Kanilang Responsibilidad?



Mababang Paaralan (Elementary)

Ang mga Tauhan sa Paaralan ng inyong Anak



Ang mga guro sa silid-aralan ay katrabaho ng marami pang ibang mga tauhan sa paaralan ng inyong anak. Sinisiguro nila na ang inyong anak at lahat ng mga anak sa paaralan ay makabuo ng kanilang kasanayan sa abot ng kanilang makakaya sa loob ng kalugod-lugod at ligtas na kapaligiran.

Nag-iiba-iba ang mga taong sumusuporta sa inyong anak sa paaralan.

Administrasyon:

Ang mga principal at/o vice principals ay ang mga administrador ng paaralan. Minsan, tinatawag silang “Administrative Officers” o A.O.s.

Ang kanilang responsibilidad ay ang mga sumusunod:

- kalusugan at kaligtasan ng bawa’t mag-aaral;
- siguraduhin na ang mga alituntunin ng British Columbia School Act* ay sinusunod;
- ang pagpatakbo ng paaralan at pagtakda ng pamamaraan;
- pakikitungo sa mga tauhan upang isakatuparan ang mga plano ng paaralan; at
- pagpulong ng mga magulang para siguraduhin ang paglahok nito sa mga desisyon ng paaralan.

Administrative Assistants:

Mga sekretarya o Administrative Assistants ang katrabaho ng mga Administrators.

Ang kanilang responsibilidad ay ang sumusunod:

- tagapangasiwa ng lahat na gawaing isinusulat
- pagtulong sa mga administrators upang siguraduhin ang mahusay na pagpatakbo ng paaralan.
- pagsasagot ng telepono at mga koreo o sulat;
- pagtawag sa mga magulang kapag ang kanilang mga anak ay may sakit at kinakailangang sunduin ; at
- pagbibigay ng emergency first aid kapag kinakailangan.

* Basahin ang brosyur na may titulong **British Columbia School Act**.

Katiwala ng Aklatan (Librarian):

Ang mga paaralan ay may katiwala ng aklatan na isang guro din, nguni’t hindi lahat ng paaralan ay merong fulltime na katiwala ng aklatan na nakatalaga sa library. Dahil dito, ang aklatan ay maaring sarado sa iba’t-ibang bahagi ng araw na may pasok o kaya sa buong linggo.

Ang ilan sa mga responsibilidad nito ay ang sumusunod:

- pagsuporta ng mga mag-aaral na pumupunta sa library para gumawa ng mga takdang-aralin;
- pagturo o pakikipag-turo ng ilang bahagi ng kurikulum kasabay ng mga guro sa silid-aralan;
- pagtulong sa paghahanap ng mga mag-aaral ng materyal at babasahing pang-libangan at pang-akademiko; at
- panatilihin at dagdagan ang mga koleksiyon ng materyales sa aklatan.

School-Based Teaching Staff:

Mayroon pang dagdag na mga guro na may espesyal na kasanayan na tumutulong sa mga guro sa silid-aralan sa pagbigay ng suporta sa inyong mga anak..

1. English as a Second Language (ESL/ELL) o Resource Teachers (RT)

- Ang mga gurong ito ay sanay na tumulong sa mga mag-aaral na hindi gumagamit ng Ingles bilang pangunahing wika (first language).
- Nagbibigay sila ng suporta sa mga mag-aaral na ESL/ELL sa silid-aralan o sa maliit na grupo.